

## IMPORMASYON PARA SA MGA

## TAONG HINIRANG NA SUMAMA

## SA ISANG SAKSI SA PANAHOON

## NG PANAYAM

Anumang aksidente sa dagat na nagaganap sa loob ng mga teritoryo ng tubig ng UK, o sa mga sasakyang pandagat ng UK saanman sa buong mundo, ay maaaring imbestigahan ng Marine Accident Investigation Branch (MAIB).

Kapag may naganap na aksidente sa dagat, maaari tilang maraming mga opisyal na samahan ang sabay-sabay na nagtitipon-tipon sa lugar na pinangyarihan para matuklasan kung ano ang nangyari. Ang pulis, mga opisyal ng gobyerno, mga abogado, mga tagatasa ng insurance at mga marine surveyor ay magtatanong ng mga magkakatulad na katanungan, kahit na mula sa iba't bang pananaw. Madalas na tila nagpapagulo ito sa isipan ng mga saksi.

Ang polyetong to ay nagbabalangkas sa mga obligasyon at karapatan ng taong hinirang na samahan ang mga saksi sa panahon ng at pagkatapos ng isang panayam ng mga inspektor ng MAIB.

### Marine Accident Investigation Branch (Sangay ng Imbestigasyon para sa Aksidente sa Dagat)

Ang MAIB ay nakabase sa Southampton at isang independiyenteng parte ng Department for Transport (Kagawaran para sa Transportasyon). Iniiimbestigahan ng MAIB ang lahat ng mga uri ng aksidente sa dagat, sa parehong mga barko at mga taong nakasakay sa mga

### Proteksyon ng Impormasyon

Isinagawa ng MAIB ang mga gawain nito sa ilalim ng mga probisyon ng Merchant Shipping (Accident Reporting and Investigation) Regulation 2012. Ang mga regulasyon at ang Seksyon 259, 260 at 267 ng Merchant Shipping Act 1995 kung saan ang mga ginagawa ay ayon sa regulasyon, ay pinapayagan ang MAIB na makakuha ng impormasyon na kinakailangan upang maisagawa ang pagsisiyasat nito.

Ang kapangyarihan ng MAIB upang iproseso ang personal na impormasyon ay ayon sa mga probisyon ng Artikulo 6.1 (e) ng General Data Protection Regulation (GDPR) kung saan ang " *pagproseso ay kinakailangan upang maitagawa ang interes ng publiko o maitagawa ng awtoridadong opisyal na ipinagkaloob sa kontroler*". Ito ay ipinaliwanag ng mas detalyado sa Seksyon 8 ng Data Protection Act 2018.

**Kung nais mabasa ang buong detalye kung paano nakakaapekto ang GDPR sa paraan ng paggamit at pag-imbak ng inyong impormasyon, pumunta sa:**

<https://www.gov.uk/government/organisations/marine-accident-investigation-branch/about/personal-information-charter>

### Tulong at Payo

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa MAIB o para sa impormasyon tungkol sa mga partikular na aksidente, makipag-ugnayan sa MAIB sa address sa ibaba:

#### Marine Accident Investigation Branch

First Floor, Spring Place  
105 Commercial Road  
Southampton  
SO15 1GH  
United Kingdom

Telepono: +44 (0)23 8039 5500  
Email: [iso@maib.gov.uk](mailto:iso@maib.gov.uk)  
Website: [www.gov.uk/maib](http://www.gov.uk/maib)

Ang lahat ng mga rekording o pagtatala ay protektado sa ilalim ng batas ng UK, at hindi ipapalabas sa labas ng MAIB sa sinuman, maliban kung iutos ng korte ng UK. Hindi nagbibigay ng kopya sa mga saksi, pero maaaring hilingin ng saksi ang oportunidad na repasuhin ang rekording o pagtatala ng panayam kapag natanggap nila ang kopya ng konsultasyon ng ulat ng imbestigasyon; karaniwan ay 4 na buwan makalipas ang umpisa ng imbestigasyon.

Bilang karagdagan sa audio/video na rekording o pagtatala, maaaring hilingin ng inspektor sa saksi na lumagda sa isang pahayag na nasa kasulatan na nagbuobuod sa impormasyon na ibinigay sa panahon ng panayam. Maaaring kasama sa pahayag ang isang paglalarawan sa mga kuwalipikasyon at kasaysayan ng saksi, at ang kanilang pagkaka-alala at personal na opinyon sa pangyayari na tinatasa o iniimbestigahan. Sa sandaling nakuha na ang pahayag, ang saksi ay papipiliin na basahin ito lahat nang mag-isa o basahin ito sa kanila ng isang inspektor bago nila ito lagdaan.

Para naman sa mga rekording ng mga panayam, ang mga pahayag ay protektado sa pagpapalabas ng mga ito. Hindi ibubunyag ng MAIB na ang saksi ay gumawa ng isang pahayag, at ang mga pahayag ay hindi ipapalabas sa labas ng MAIB maliban lamang kung inutos ito ng korte. Ang saksi, o kung piliin nila, ang kanilang legal na kinatawan, ay bibigyan ng isang kopya ng pahayag na maitatabi. Maaaring ipasa ng saksi ang kopya ng kanilang pahayag sa ikatlong partido kung sa tingin nila ay angkop ito, pero hindi ito magagawa ng MAIB para sa kanila. Ang pagdalo sa panayam bilang hinirang ng saksi ay hindi nagbibigay ng karapatan sa iyo na magkaroon ng kopya ng dokumentong ito.

Bilang hinirang na tao ng saksi, maaaring kang magtala sa ngalan ng saksi habang isinasagawa ang panayam. Gayunpaman, ang lahat ng impormasyon na ipinahayag ng isang saksi sa panahon ng panayam ay ginagawa para lamang sa layunin ng ligtas na imbestigasyon ng MAIB, ito ay itatratong kompidensyal, at ito ay **hindi maaaring isiwalat** sa sinumang ikatlong partido nang walang pahintulot ng saksi..

ito. Ang tanging layunin ng anumang imbestigasyon ng MAIB ay malaman ang mga sanhi at pangyayari ng isang aksidente upang maiwasan ang pag-ulit nito.

Hindi nagtuturo ng masisisi o mananagot ang MAIB, at **hindi** isang tagapamahala o taga-usig na awtoridad.

Cinagampanan ng MAIB ang tungkulin nito sa pamamagitan ng pagtatasa ng mga aksidente at mga pangyayari, iniimbestigahan iyong mga mas malalaking implikasyon para sa kaligtasan sa dagat, at paglalathala ng mga ulat ng mga imbestigasyon nito. Ang parehong pagtatasa at mga imbestigasyon ay maaaring magtungo sa pagsasagawa ng mga rekomendasyon sa kaligtasan ng MAIB sa mga nauugnay na tao o organisasyon. Dati, ang mga ito ay kinabibilangan ng Maritime and Coastguard Agency (MCA), ang mga samahan ng pag-uuri, mga may-ari/operator, mga awtoridad ng daungan at iba pa.

Ang MAIB ay nagsasagawa ng mga panayam upang lubos na maunawaan ang naganap, kung paano ito naganap, at bakit ito naganap, bilang bahagi ng imbestigasyon nito sa aksidente. Ito ay maaaring mangahulugan na pakikipagpanayam sa mga tao na may di direktang ugnayan lamang sa aksidente, at pati na rin iyong mga tunay na kasangkot o iyong mga nakakita sa nangyari. Gayunpaman, para maging simple ang lahat, ang lahat ng mga kinapanayam ay tinatawag na 'mga saksi'.

Ang lahat ng panayam ng MAIB ay isinasagawa gamit ang mga kapangyarihang ipinagkaloob sa The Merchant Shipping Act ng 1995, s. 259 at ang sumasailalim ditong batas. Ang batas na ito ay nagbibigay kapangyarihan sa mga inspektor na utusan ang isang indibiduwal na dumalo sa isang panayam, at utusan ang taong kinapanayam na sagutin nang buong katotohanan ang mga katanungan ng inspektor. Ang pagtanggap na gawin ito ay isang sala sa ilalim ng The Merchant Shipping Act.

Upang protektahan ang mga saksi ng MAIB:

- ▶ Hindi magagamit ang makatotohanang impormasyon na ipagkaloob sa MAIB habang isinasagawa ang isang panayam upang isangkot ang saksi (o ang kaniyang asawa) sa korte<sup>1</sup> ng batas;

<sup>1</sup> Ang 'Korte' ay tumutukoy sa High Court sa England, Wales at Northern Ireland, at sa Court of Session sa Scotland.

- ▶ Ang lahat ng impormasyon na natamo habang isinasagawa ang panayam ay ituturing na kompidensyal sa loob ng MAIB at ipapalabas lamang kung ang korte ay magbigay ng kautusan para dito; at
- ▶ Inuutusan ang MAIB na hindi ibunyag ang mga pangalan ng mga saksi na nakapanayam nito.

### Mga Dapat Isaalang-alang Bago Sumang-ayon na Samahan ang isang Saksi Sa Panahon ng Panayam

Ang panayam na ito ay sa pagitan ng saksi at ng inspektor lamang. Gayunpaman, ang saksi ay maaaring maghirang ng iba pang tao na sumama upang magbigay suporta sa kanila sa panahon ng panayam. Ang taong ito ay maaaring sinumang kilala ng saksi, sa kundisyon na sila mismo ay hindi saksi.

Bilang isang hinirang na tao, maaari mong bigyan ng payo ang saksi kahit kailan, at magtala para sa kanila kung nais mo. Kailangang hindi mo pigilan ang saksi sa pagbibigay, o payuhan sila na hindi magbigay ng tuwirang sagot sa anumang tanong ng mga inspektor, at hindi ka maaaring maging kinatawan para sa mga interes ng ikatlong partido habang isinasagawa ang panayam.

Ang mga interes ng may-ari/operator ng sasakyang pandagat o ng insurer nito ay maaaring iba mula doon sa saksi. Kung ikaw ay sumasang-ayon na maging isang hinirang na tao para sa saksi, mahalagang ipaliwanag mo sa saksi kung ikaw ay kumakatawan o hindi sa mga interes ng iba pang kasangkot na partido. Sa kaganapan ng anumang halatang pagsasalungat sa interes, kailangan mong tumanggi na kumilos bilang hinirang na tao ng saksi. Kung ang anumang pagsasalungat sa interes ay maliwanag na maipakita habang nakikipagpanayam, kailangan mong ihinto ang panayam at ipagbigay-alam ito sa inspektor. Pagkatapos ay karaniwang angkop na magsagawa ng mga alternatibong kaayusan para masamahan ang saksi.

Ang mga kinatawan ng kompanya o ng insurer nito na naroroon sa panahon ng panayam ng saksi ng MAIB ay dapat may malay din sa salungatan ng interes na maaaring malinaw na maipahayag sa huling bahagi ng imbestigasyon. Kapag natukoy na ang isang nasabing pagkakasalungat, dapat itong ipahayag sa

namumunong inspektor at, kung kinakailangan, ang angkop na kilos ay isasagawa upang protektahan ang salaysay ng saksi.

Ang mga saksi ay madalas na tinatanong tungkol sa kanilang mga karanasan sa pagtatrabaho sa kompanya at hihilingin na sumagot nang tapat. Kung nararamdaman mo na ang iyong presensya ay marahil na magpigil sa saksi sa anumang paraan, kailangan mong tanggihan ang pagdalo sa panahon ng panayam.

### Hindi Pagkasali sa Panayam

Ang mga saksi ay hinihikayat na maingat na isaalang-alang ang kanilang mga sariling interes kapag hinihirang ang isang tao na sumama sa panahon ng panayam. Hanggang ngayon, ang mga saksi ay maaari, at hinihikayat na hilingin mula sa kanilang mga inspektor na hindi isama o may pahintulot na alisin ang sinuman na nais nila para sa panayam, o sa bahagi nito. Wala silang dapat ibigay na anumang dahilan para sa kahilingan na ito at walang imperensiya ang maaaring kunin dulot nito.

Ang inspektor, sa pagsasang-ayon ng Chief Inspector, ay may kapangyarihan na hindi isama sa isang panayam ang isang hinirang na kinatawan kung may mabuting dahilan na pinaniniwalaan na ang presensya ng taong iyon doon ay hahadlang sa pagsulong ng imbestigasyon. Sa ganitong situwasyon, ang saksi ay may opsyon na hirangin ang ibang kinatawan, kung saan ipapataw ang parehong mga tuntunin. Isasama ng inspektor ang propesyonal na legal na tagapayo o abogado na kumikilos lamang sa ngalan ng saksi. Gayunpaman, i-uulat ng MAIB ang anumang malinaw na propesyonal na maling pagkilos ng isang hinirang sa kanilang namamahalang sangay, kung saan ang nasabing pag-uugali ay nagpapasira o nakakapinsala sa imbestigasyon.

### Mga Tala ng Mga Panayam at Mga Pahayag

Kapag nakikipagpanayam sa loob ng hurisdiksyon ng UK, itatala sa elektronikong paraan ng mga inspektor ng MAIB ang mga panayam. Patakaran ng MAIB na ang mga ito ay mga audio/video na rekording lamang na pinapahintulutan upang maprotektahan ang integridad ng imbestigasyon. Sa labas ng hurisdiksyon ng UK, ang mga inspektor ng MAIB ay hihiling ng aprubasyon ng saksi upang itala ang panayam.